



May kakilala ka bang nangangailangan ng tulong sa pamamahala ng kanilang mga gamot?

Makakatulong sa atin ang mga gamot para mapabuti ang ating pakiramdam at mapahaba ang ating buhay, ngunit maaari ring maging mapanganib ang mga ito kung iinumina sa maling paraan. Maraming tao ang nagkakamali sa pag-inom ng kanilang gamot. Sa katunayan, halos 50 porsyento ng mga pasyente ang hindi umiinom ng kanilang mga gamot nang ayon sa inireseta.* Ang mga pagkakamaling ito ay maaaring maging sanhi ng malulubhang problema, mula sa pagbagsak hanggang sa mga medikal na kundisyon, pananatili sa ospital at maging sa pagkamatay.

Ang magandang balita, mayroon kaming isang pangkat ng mga parmasyutiko at nars na may karanasan na makakatulong sa iyong pamahalaan ang iyong mga gamot. Layunin naming makatulong na mabawasan ang mga problema sa mga gamot upang madagdagan ang mga pangkalusugang resulta na nauugnay sa ligtas na paggamit ng gamot. Ibinibigay namin ang aming mga serbisyo sa Medication Safety Program sa iyo - lahat nang libre.

Nalalapat ba ang mga katanungang ito sa iyo—o sa isang taong pinapahalagahan mo?

- Mayroon ka bang plano upang mapangasiwaan ang iyong mga gamot at isyu sa kalusugan sa panahon ng emerhensiya?
- Umiinom ka ba ng lima o higit pang mga gamot?
- Mayroon bang higit sa isang doktor na nagrereseta ng mga gamot para sa iyo sa isang regular na batayan?
- Pinupunan mo ba ang iyong mga reseta sa higit sa isang parmasya?
- Mahirap ba para sa iyo na inumin ang iyong mga gamot nang ayon sa inireseta, o minsan ba ay pinipili mong hindi inumin ang mga ito?
- Mayroon ka bang mga kailangang gamot na hindi mo makuha?
- Mayroon ka bang mga katanungan tungkol sa kung paano gumagana ang iyong mga gamot at kung paano inumin ang mga ito?

Kung sumagot ka ng "oo/mayroon" sa alinman sa mga katanungang ito, maaaring makipagtulungan ang kawani sa C-MEDS sa iyo at sa iyong doktor upang mabawasan ang iyong panganib para sa mga problema sa gamot. Isang tawag lang kami sa telepono!

Upang maging karapat-dapat para sa programang ito, dapat ay napapabilang ka sa mga sumusunod:

-Mga matatandang 55 taong gulang pataas na nakakaranas o pinaghihinalang nakakaranas ng mga isyu na nauugnay sa paggamit ng gamot

-Isang adultong tagapangalaga ng isang taong 55 taong gulang pataas na tumutulong sa isang mas matandang adulto sa kanilang mga gamot at nangangailangan ng tulong sa pamamahala ng kanilang mga gamot.

-Nagsasalita ng Ingles, Espanyol o Tagalog

Narito kami upang sagutin ang iyong mga katanungan tungkol sa gamot.

Upang matuto pa tungkol sa aming Medication Safety Program, makipag-ugnayan sa:

Independence at Home
3800 Kilroy Airport Way
Suite 100

Long Beach, CA 90806

866-421-1964 walang bayad
562-492-9236 fax

IndependenceAtHome.org



@IndependenceAtHome